


Filipino

Unang Markahan – Modyul 7: Opinyon at Reaksyon sa Isyu O Usapan



Filipino – Baitang 4

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan – Modyul 7: Opinyon at Reaksyon sa Isyu at Usapan

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Jester N. Bona, Juvy G. Clavillas
Editors:	Ma. Theresa I. Cortez
Tagasuri:	Rechie O. Salcedo
Tagaguhit:	Thrisha May N. Bona, Mark Anthony O. Taduran
Tagalapat:	Rey Antoni S. Malate
Tagapamahala:	Gilbert T. Sadsad, Ronel Al K. Firmo, Francisco B. Bulalacao, Jr. Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Nora J. Laguda Jerson V. Toralde, Rechie O. Salcedo, Belen B. Pili

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Mobile Phone: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Filipino

**Kwarter 1 – Modyul 7:
Opinyon at Reaksyon sa Isyu O
Usapan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Maligayang araw!

Kahit saang dako ka pumunta ay mayroon kang nasasagap o naririnig na iba't ibang mga isyu o usapan. Bawat araw ay may mga bagong pangyayari at malaya kang magpahayag ng sariling opinyon o reaksiyon tungkol dito.

Sa araling ito, pag-aaralan mo ang mga napapanahong isyu o usapan sa ating pamayanan.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang makakamit mo ang sumusunod na kasanayan:

- 
1. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa mahahalagang detalye ng nabasang isyu o balita.
 2. Naipapahayag ang sariling opinyon o reaksiyon sa isang nabasa o napanood na isyu o usapan.
 3. Nakasusulat ng liham na nagbabahagi ng karanasan o pangyayari sa nabasang kuwento.
 4. Naibibigay ang kahalagahan ng media pang impormasyong, pang -aliw at panghikayat.
 5. Nasasagot ang mga tanong sa nabasang tekstong pang impormasyon.



Halika, umpisahan mo na ang aralin na ito.



Subukin

Subuking gawin ito.

Ano-anong mga napapanahong isyu ang iyong narinig, nabasa o napanood sa radyo at telebisyon? Subukin muna natin kung hanggang saan na ang alam mo.

Basahin ang sitwasyon o balitang nakapaloob sa kahon at sagutin ang mga tanong.

Ambo, humina bilang low pressure area

ABS-CBN News | Mayo 17, 2020

Tuluyan nang humina ang bagyong Ambo at isa na lang ngayong low pressure area (LPA), sabi ngayong Linggo ng state weather bureau na PAGASA.

Sa pinakahuling weather bulletin ng PAGASA, huling namataan ang LPA sa layong 125 kilometro sa hilagang kanluran ng Basco, Batanes.

Inalis na rin ang Signal No. 1 sa Batanes pero inaasahan pa ring makararanas ng katamtaman hanggang malalakas na pag-ulan doon.

Pinapayuhan pa rin ang maliliit na sasakyang pandagat lalo na sa Batanes at Babuyan Islands na huwag munang pumalaot.

Nasa 4 ang naiulat na namatay sa Eastern Samar sa kasagsagan ng bagyo habang isa naman sa Quezon province, ayon sa mga lokal na awtoridad.

A. Sagutin at isulat ang sagot sa sagutang papel:

1. Tungkol saan ang nabasang isyu o balita?
 - A. bagyong Ambo
 - B. bagyong Reming
 - C. bagyong Sining
 - D. bagyong Yolanda

2. Kailan ito ibinalita?
 - A. Mayo 16, 2020
 - B. Mayo 17, 2020
 - C. Mayo 21, 2020
 - D. Mayo 25, 2020
3. Anong signal ang dala ni Bagyong Ambo?
 - A. signal No.1
 - B. signal No. 2
 - C. signal No. 3
 - D. signal No. 4
4. Anong sangay ng pamahalaan ang nanguna sa pagbibigay ng impormasyon para payuhan ang mga tao tungkol sa naturang bagyo?
 - A. PHILVOCS
 - B. PAGASA
 - C. DAR
 - D. NASA
5. Sa tingin mo ba'y malaki ang naitulong ng nasabing sangay o ahensya sa mga tao?
 - A. Opo
 - B. Hindi
 - C. Marahil
 - D. Hindi ako sigurado

B.Panuto: Basahin ang mga parirala. Ibigay ang gamit ng media sa sumusunod na sitwasyon. Isulat ang **A** kung ginagamit ito sa pagbibigay impormasyon, **B** kung nagbibigay aliw, at **C** kung nanghihikayat.

1. TV Patrol	
2. Zumba	
3. Mga patalastas ng shampoo	
4. Santino	
5. ANC	

Nasiyahan ka ba? Nasagot mo ba ang lahat ng mga tanong?

Tingnan ang wastong sagot sa **pahina 22**.

Binabati kita! Maaari ka nang magpatuloy.

Aralin

1

Opinyon at Reaksyon sa Isyu o Usapan (TV, Internet at Diyaryo)



Balikan

Magbalik-aral ka.

Natatandaan mo pa ba ang iyong aralin bago ang modyul na ito? Narito ang isang pagsasanay na susukat kung gaano mo naintindahan ang paksa tungkol sa pangngalang konkreto at di-konkreto.

A.Panuto: Lagyan ng ★ kung ang salita ay pangngalang konkreto at ▲ kung ang salita ay pangngalang di-konkreto.

_____ 1. Aklat

_____ 2.Ugali

_____ 3.Kabutihan

_____ 4.Lapis

_____ 5.Kaligayahan

_____ 6. Upuan

Matapos mong sagutin ang pagsubok na ito, tingnan kung tama o mali ang iyong sagot sa pahina ng susi ng pagwawasto sa **pahina 22**



Batid sa aking kaalaman na malalim ang iyong pagkaunawa sa paksang pangalang konkreto at di-konkreto.

Ngayon, handa ka na bang palawakin ang iyong kaalaman?

Tara, simulan na natin!

Ano ang madalas na nakakukuha ng iyong atensyon kapag ikaw ay nanonood ng TV o nakikinig ng radyo?

Mga balitang nakakatakot, nakakainis o nakatutuwa?

Sa araling ito, mas lalo mo pang matutuhang sumagot sa mga tanong tungkol sa napapanahong mga balita o isyu at makapagpahayag ng iyong sariling opinyon o reaksiyon.



Mga Tala para sa Guro

Ipaunawa sa mag-aaral na makapagbibigay lamang sila ng opinyon at reaksiyon kung matiyaga silang mangalap sa mga ng mga napapanahong isyu. Dahil dito, kailangan nilang makinig/manood sa teleradyo, telebisyon at internet.



Tuklasin

Halina! Alamin pa natin ang iba pang mahahalagang impormasyon tungkol sa napapanahong isyu sa ating bansa.

Alam mo ba ang bagong balita ngayon sa TV at Radyo? Ito ay ang mabilis na pagdami ng kaso ng mga taong nahawaan ng nakamamatay na sakit.

Ang sakit na ito ay nagmula sa tinatawag na coronavirus. Batay sa narinig kong balita, hindi lamang tao ang maaaring mahawaan nito kundi pati na rin ang mga hayop.

Oo. At saka mayroon pa. Malalaman mong nahawaan ka ng nito kung nakaranas ka ng mga sintomas tulad na lamang ng mataas na lagnat, pag-ubo, hirap sa paghinga at marami pang iba.

Anong sakit ba ito? Paano ito nakakahawa sa tao?

Talaga ba?

Mukhang nakakatakot naman yata. Sa aking palagay, mas maganda siguro kung sumunod tayo sa mga utos ng awtoridad nang sa ganun ay maprotektahan tayo laban sa dulot ng virus na sinasabi mo.

Tama! Naniniwala akong mas maliliwanagan ang mga tao tungkol sa mga nangyayari sa bansa kung patuloy tayong nanonood at nakikinig ng mga balita. Tulad ng GMA TV News, DZRH at ABS-CBN TV Patrol

A.Tingnan muli ang bawat usapan.

Sagutin ang mga tanong tungkol dito.

1. Tungkol saan ang balitang pinag-uusapan?

2. Anong uri ng sakit ang pinag-uusapan?
3. Ano-anong sintomas ng sakit na pinag-uusapan?
4. Ano ang dapat gawin upang maunawaan ang tungkol sa sakit na ito?

Bago tayo magpatuloy sagutan muna ang gawaing ito.

B. **Panuto:** Pagtambalin ang mga pangalan ng larawan sa hanay **A**. Piliin ang letra ng tamang sagot sa hanay **B**. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Hanay A

1.



2.



3.



4.



5.



Hanay B

a. magasin

b. radyo

c. telebisyon

d. diyaryo

e. Internet

Nasagutan mo ba ang mga ito. Tingnan ang iyong mga sagot sa pahina ng susi ng pagwawasto sa **pahina 22**.



Suriin



Ngayon, handa ka na bang
palawakin ang iyong
kaalaman
Halika, simulan natin!

Tingnan muli ang usapan sa Tuklasin.

Tungkol saan ba ito?

Batay sa iyong nabasa, Ano ang kahulugan ng **reaksyon**?

Ano ang kahulugan ng **opinyon**?

Ano ang pagkakaiba ng opinyon at reaksiyon?

A.Panuto: Lagyan ng **O** kung ang pahayag ay opinion at **R** kung ang pahayag ay reaksiyon. Isulat ang sagot saiyong sagutang papel.

_____ 1. Ang sakit na ito ay nagmula sa tinatawag na coronavirus. Batay sa narinig kong balita, hindi lamang tao ang maaaring mahawaan nito kundi pati na rin ang mga hayop.

_____ 2. Oo. At saka mayroon pa. Malalaman mong nahawaan ka na nito kung nakaranas ka ng mga sintomas tulad na lamang ng mataas na lagnat, pag-ubo, hirap sa paghinga at marami pang iba.

_____ 3. Alam mo ba ang bagong balita ngayon sa TV at Radyo? Ito ay ang mabilis na pagdami ng kaso ng mga taong nahawaan ng nakamamatay na sakit.

_____ 4. Mukhang nakakatakot naman yata.

- _____ 5. Sa aking palagay, mas maganda siguro kung sumunod tayo sa mga utos ng awtoridad nang sa ganun ay maprotektahan tayo laban sa dulot ng virus.

B.Panuto: Basahing mabuti ang balita at sagutin ang sumusunod na tanong.

Zumba Fun Run, Isasagawa ng ICS

Magkakaroon ng Zumba Fun Run ang Iriga Central School o ICS na isasagawa sa darating Sabado, Nobyembre 9, 2019.

Ayon kay Randy A. Bona, punongguro ng ICS inaanyayahan ang mga magulang, mag-aaral at stakeholders na dumalo sa nasabing aktibidades.

Dagdag pa niya, ang pondong malilikom ay gagamitin sa pagbili ng mga karagdagang kagamitan sa pagtuturo.

Kaya't inaasahang ang pagkakaroon nang buong kooperasyon ng bawat isa para sa tagumpay ng Zumba Fun Run ng paaralan.

Juvy G. Clavillas

1. Anong gawain ang pinamunuan ng Iriga Central School?
 - A. Zumba Fun Run
 - B. Bingo Socials
 - C. Raffle
2. Sino sino ang mga dadalo sa nasabing aktibidad?
 - A. Mga mag-aaral
 - B. Mga magulang
 - C. Mga mag-aaral, magulang at stakeholders
3. Kailan gaganapin ang Zumba Fun Run
 - A. Lunes, Nobyembre 9, 2019
 - B. Sabado, Nobyembre 9, 2019
 - C. Linggo, Nobyembre 9, 2019

C. Panuto: Ibigay ang kahalagahan ng media sa sumusunod na gawain o sitwasyon. Isulat ang **A - nagbibigay ng impormasyon**, **B - nanghihikeyat** at **C - nagbibigay aliw**.

- ___ 1. Balita sa labas at loob ng bansa
- ___ 2. Paligsahan sa sayaw at pag-awit
- ___ 3. Pagpapalabas ng variety show



Nasiyahan ka ba sa pagsagot sa mga katanungan? Iwasto ang iyong sagot sa **pahina 22** ng Susi ng pagwawasto.

Pag-aralan ito.

Pagpapahayag ng Opinyon at Reaksyon

- ◆ **Pagpapahayag ng Opinyon-** Mahalagang may malawak na kaalaman ang isang tao tungkol sa isang isyu bago siya magpahayag ng opinyon upang maging balanse ang kanyang inilalahad.
- ◆ Mababasa sa ibaba ang mga salita o pariralang madalas ginagamit kapag nagpapahayag ng sariling opinyon.

- Sa aking opinyon...
- Sa tingin ko....
- Sa nakikita ko....
- Sa aking palagay...
- Kung ako ang tatanungin...
- Sa aking karanasan...
- Sa pakiwari ko...
- Ang masasabi ko ay...
- Naniniwala akong...
- Para sa akin....
- Ang ibig kong sabihin ay...
- Gusto ko lang bigyang-diin na...
- Ang aking pananaw ay...

Pagpapahayag ng Reaksiyon - maaaring masagot mo ayon sa iyong nararamdaman. Maaari itong positibo o negatibong reaksiyon.

Batay sa napag aralan. Tungkol saan ang balita? ‘

Ano ang alam ko tungkol sa balita?	Ang balita ay tungkol sa bagyo.
Ano ang gusto kong malaman tungkol sa balita	Matukoy ang mahahalagang detalye ng balita.

Tandaan: Ang midya (*Ingles: media*) ay mga pinagsamang pagpapalabas o kagamitan na ginagamit sa pagtala at paghatid ng impormasyon o datos.

Napakahalaga ng media sa ating buhay sapagkat ito ang gabay natin sa pang araw- araw na pamumuhay. Lagi tayong una sa mga nangyayari sa atin kapaligiran sa loob at labas ng ating bansa. Kaya naman ang midya ay nagbibigay sa atin ng kahalagahan tulad ng sumusunod:


1. **Dyaryo o Peryodiko**- naglalaman ng Balita, impormasyon, patalastas.
 2. **Magasin**-naglalaman ng maraming artikulo, kalimitang pinopondohan ng patalastas. Ito ay nagbibigay ng impormasyon sa mambabasa.
 3. **Aklat**- pinagsama-samang nailimbag na salita sa papel. Kadalasan na marami itong pahina.

1. Telebisyon o Radyo – isang sistemang tele komunikasyon para sa pagpapahayag at pagtanggap ng mga gumagalaw na mga larawan at tunog sa kasalukuyan. Ito ay pangmasang panghatid ng libangan, edukasyon, balita o alok.

1. Internet- ito ay makabagong teknolohiya na mapagkukunan ng mga impormasyon gamit ang iba’t- ibang website na nagbibigay ng balita pang aliw, panghikayat, videos, musika , pakikipag-usap gamit ang Chat, messenger, facebook at iba pa.

DLP Filipino 4 Kwartar 1
pahina 112-113

Iba’t ibang Uri ng Media






1. Nagbibigay ng impormasyon - Ito ang pinakamahalaga sa lahat ng tao sapagkat dito natin makukuha ang mga balitang nagsisilbing gabay sa ating pang-araw araw na pamumuhay



2. Nagbibigay - aliw – Sa panonood ng mga teleserye, variety shows, music videos, isports sa telebisyon, pakikinig sa radyo ng mga musika, paggamit ng youtube para manood ng video, pakikipag- usap sa kaibigan gamit chat room sa facebook ito’y nagbibigay kasiyahan at libangan sa mga tao.



3. Nanghihikayat - Nagagamit ito para hikayatin at makapili ang mga mamimili na bumili ng mga produkto na makikita sa patalastas sa telebisyon, radyo at maging sa internet.



Pagyamanin

Basahin ang sumusunod na mga sitwasyon.

A. Panuto: Piliin ang pinakaangkop na sagot. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Ibinalita sa radyo na bawal lumabas ng bahay dahil sa kumakalat na virus na nagdudulot ng sakit. Ano ang gagawin mo?
 - A. Makikinig sa babala na hindi lalabas ng bahay.
 - B. Hindi susunod at isasawalang bahala lamang ito.
 - C. Lalabas ng bahay at pupunta kahit saan.
 - D. Lalabas ng bahay at makikipag-usap sa kapit-bahay.
2. Inutusan ka ng nakatatanda mong kapatid na pumunta sa palengke. Ngunit, ang sabi sa balita ay bawal ang mga

- menor de edad na lumabas ng bahay. Ano ang gagawin mo?
- A. Susundin ang utos ng nakatatandang kapatid.
 - B. Hindi susunod sa utos ng kapatid at magpapaliwanag na bawal lumabas dahil ipinag-uutos ito ng gobyerno.
 - C. Magpalaboy-laboy sa labas ng kalye kahit ipinagbabawal.
 - D. Susundin ang kapatid dahil pagkakataon na para lumabas ng bahay.
3. Nakita mong nag-iinuman sa kalye ang iyong mga kapitbahay. Alam mong ipinagbabawal ito. Ano ang sasabihin mo?
- A. Pagsabihan na bawal mag-inuman dahil kung hindi ay malalagot sila sa batas ng pamayanan.
 - B. Hindi na lamang ito papansinin.
 - C. Tatawagin ang Tatay at pagsasabihan na makipag-inuman sa kapitbahay.
 - D. Makiki-usisa sa mga nag-iinuman.
4. Kailangang dalhin ni MJ ang kanyang bunsong kapatid sa ospital dahil sa mataas nitong lagnat. Subalit walang ibang magdadala dahil nagtatrabaho ang kanyang mga magulang. Ano ang iyong gagawin?
- A. Hihingi ng tulong sa mga kapitbahay na dalhin ang kanyang kapatid sa ospital.
 - B. Hihintayin ang mga magulang na dumating bago ito dalhin sa ospital.
 - C. Hahayaan na lamang dahil mamaya't maya'y gagaling naman ito.
 - D. Hindi ko na pakikialaman dahil bawal ang lumabas ng bahay.
5. Isang umaga ay nakasalubong ni Mabel ang kanyang kaibigan na nasa labas at naglalaro. Hindi alam ng kanyang kaibigan na bawal lumabas dahil wala silang telebisyon o radyo. Ano ang dapat mong sabihin?

- A. Namnam, diyan ka lang sa labas at maglaro.
- B. Tawagin mo ang iba nating kasamahan at maglaro tayo ng tumbang preso.
- C. Alam mo bang pinagbabawalan lumabas ang sinuman sa kani-kanilang bahay dahil sa kumakalat na sakit? Kailangan nating pumasok sa loob.
- D. Lalabas ako at makikipaglaro.

B.Panuto: Ipagpatuloy ang pagsasanay. Basahin ang sitwasyon sa bawat bilang. Ibigay ang kahalagahan ng media na tinutukoy sa bawat isa. Piliin sa kahon at isulat sa inyong papel ang letra ng sagot.

a. Nagbibigay-impormasyon

b. Nagbibigay-aliw

c. Nanghihikayat

_____ 1. Narinig ni Mang Juan na may pagpupulong na gaganapin sa kanilang barangay tungkol sa pagpapatupad ng kalinisan . Agad siyang naghanda para makilahok sa pagpupulong.

_____ 2. Nakaharap ang pamilya ni Aling Rosa sa telebisyon at pinapanood ang paboritong teleseryeng pambata.

_____ 3. Nanunuod si Jorryn at Boggs ng nakakaaliw na video sa youtube tungkol sa batang magaling magluto.



Isaisip


A. Isiping mabuti at punan ang mga patlang.

Mahalagang may malawak na kaalaman ang isang tao tungkol sa isang isyu bago siya **magpahayag ng opinyon** upang _____.

Sa pagpapahayag ng **reaksyon**, maaaring masagot mo ito ayon sa iyong nararamdaman. Maaari itong positibo o negatibong reaksiyon. Kung kaya't _____ bago magpahayag o sumagot, pasulat man, interbyu o sa facebook.

Isiping mabuti...

B. Panuto: Matapos mong mapag-aralan ang media, buoin ang crossword puzzle upang matiyak na naunawaan mo na ang aralin.





Isagawa

Upang lubos na iyong maunawaan ang araling ito tungkol sa pagpapahayag ng iyong sariling opinyon o reaksiyon sa mga nabasa o napakinggang isyu.

PAHALANG		PABABA	
1	Ito ay makabagong teknolohiya na mapagkukunan ng impormasyon gamit ang website na nagbibigay impormasyon tungkol sa balita, pang-aliw at panghikayat	3	Pinagsama-samang mga nailimbag na salita sa papel. Kadalasan maraming pahina ito na nagtataglay ng maraming impormasyon, ideya o kuwento.
2	Isang sistemang pangtelekomunikasyon para sa pagpapahayag at pagtanggap ng mga gumagalaw na mga larawan	4	Naglalaman ng maraming artikulo kalimitang pinopondohan ng mga palatastas
6	Isang sistemang pangtelekomunikasyon para sa pagpapahayag ng tunog sa kalayuan	5	Naglalaman ng mga nakalimbag na balita, impormasyon o patalastas

A. Isagawa ang mga gawain sa ibaba

Narito ang usapan ni Ej at Thrisha kung paano nila ipahayag ang kanilang mga opinyon tungkol sa nasabing isyu.

Basahin mo.

Ej: “Thrisha, napanood mo ba yung balita kagabi?”

Thrisha: “Hindi. Ano ba ‘yon?”

Ej: “Alam mo bang mas tumataas ang bilang ng mga namatay dahil sa virus o sakit na Covid ?”

Thrisha: “Ganun ba? Nakakalungkot namang isipin.”

Ej: “Oo. Kaya naman mahigpit na ipinag-uutos ng mga awtoridad na huwag nang lumabas ng bahay ang mga mamamayan para sa kanilang kaligtasan.”

Thrisha: “Mukhang mabuti at maganda ang naging paraan ng mga sinabi mo. Ang masasabi ko ay mas makakaiwas tayo sa anumang

sakit na maaaring dumapo sa atin.”

Ej: “Tama ka diyan, Thrisha. Naniniwala rin akong mas mabuti nang sumunod sa utos ng awtoridad lalong-lalo na kung para ito sa ikabubuti ng sitwasyon at ng lahat ng mga tao.”

Tungkol saan ang pinag-usapan nila Ej at Thrisha?

Ibigay ang ipinahayag na opinyon o reaksiyon ni Thrisha tungkol sa ibinalita sa kanya ni Ej?

B.Panuto: Iguhit sa inyong papel ang sumusunod na midya na nagpapalabas at naghahatid ng impormasyon o datos para, mabigyan ng impormasyon, aliw o mahiyakat ang mga manunood at mambabasa.

1.dyaryo 2.magasin 3.telebisyon 4.radyo 5.internet

Malugod kitang binabati at naiguhit mo ng maayos. Tingnan ang tamang larawan sa pahina ng susi sa pagwawasto sa **pahina 22.**



Tayahin

Hanggang saan aabot ang iyong mga natutuhan sa araling ito? Alamin natin at muli mong subukin ang iyong kakayahan.

Ipinatupad ng pamahalaan ng Lungsod ng Iriga ang tamang pagtatapon ng basura noong Nobyembre 16, 2019.

Dinaluhan ito ng iba'tibang departamento ng lungsod. Layunin nito na ipaalam sa mga mamamayan ang tatlong uri ng basura at ang tamang paraan ng pagtapon nito.

Gabay na mga tanong:

1. Tungkol saan ang balita?
 - A. Ang balita ay tungkol sa Lungsod ng Iriga
 - B. Tungkol sa pagdalo ang balita
 - C. Ang balita ay tungkol sa tamang pagtatapon ng basura
 - D. Ang balita ay tungkol sa mamamayan
2. Sino ang nagpatupad ng tamang pagtatapon ng basura?
 - A. Lungsod ng Maynila
 - B. Lungsod ng Naga
 - C. Lungsod Makati
 - D. Lungsod Iriga
3. Sino-sino ang dumalo dumalo sa pagpapatupad ng tamang pagtatapon ng basura?
 - A. Departamento ng Agrikultura
 - B. Departamento ng Edukasyon
 - C. Isang Departamento
 - D. Iba't ibang Departamento
4. Ano ang layunin ng pagpapatupad ng Lungsod?
 - A. Ipaalam sa mga mamamayan ang tatlong uri ng basura at ang tamang paraan ng pagtapon nito.

- B. Ipaalam sa mamayan ang dalawang uri ng basura at tamang pagtatapon nito.
- C. Ipaalam sa mga piling mamamayan ang tatlong uri ng basura at ang tamang pagtatapon nito.
- D. Ipaalam sa mamamayan na bahala na sila sa tamang pagpapatupad sa pagtatapon ng basura.

5. Ilang uri mayroon ang basura?

- A. isa
B. dalawa
C. tatlo
D. apat

B. Panuto: Basahin mabuti ang balita na nasa kahon. Pagkatapos, ibahagi mo ang iyong mga naging karanasan o pangyayari, reaksiyon o opinyon sa pamamagitan nang pagsulat o pagbuo ng isang liham. Gamitin ang rubrik sa pagsulat sa **pahina 22**.

(Pamuhatan)

(Bating Panimula)

	Katawan	ng	Liham	
_____				_____
_____				_____
_____				_____
_____				_____
_____				_____

(Bating pangwakas)

(Lagda)

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat na pagsubok. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa **pahina 22**.

Anong naramdaman mo matapos malaman ang


resulta ng iyong pagsisikap? ☹️ 😊 😐





Karagdagang Gawain

A.**Panuto:** Sumulat ng isang liham para sa iyong guro at ibahagi mo ang iyong karanasan tungkol sa mga Gawain sa panahong lockdown. Gamitin ang rubrik sa **pahina 22**.



RUBRIK

Elemento	5 (Napakagaling)	4 (Magaling na)	3 (Magaling)	2 (Katamtaman)	1 (Sanayin pa)
Malinaw ang gustong pahayag					
May mga sumusuport ang detalye					
Nakapagbigay ng epektibong opinyon					
Nakapagbigay ng epektibong reaksiyon					
Oras ng pagtapos sa gawain					

B. Panuto: Mula sa patalastas at anunsyo ng kagawaran ng kalusugan ng iyong napakinggan sa TV, Youtube at iba pa, gumawa ka ng poster tungkol sa tamang paghuhugas ng kamay. Gawin ito sa isang bondpaper.

Poster

Matapos mong gawin, gamitin ang rubriks na inihanda upang maisaayos ito sa tulong ng iyong magulang o kapatid.

Para matandaan mo ang araling ito tungkol sa kahalagahan ng media, gawin ang sumusunod na gawain:

RUBRIK

Elemento	5 (Napaka galing)	4 (Magaling na Magaling)	3 (Magaling)	2 (Katamtaman)	1 (Sanayin pa)
Malinaw ang pagkakaguhit					
Maymga sumusuportang detalye tungkol sa guhit					
Napagbigay ng malinaw na ideya ang guhit .					
Nakapagbigay ng konsepto sa guhit					
Oras ng pagtapos sa gawain					
KABUOAN					

Malugod na pagbati!
Napagtagumapayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Maari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.





Susi sa Pagwawasto

Subukin A. 1. A 2. B 3. A 4. B 5. A B. 1. A 2. B 3. C 4. B 5. A	Balikan A. 1. ★ 2. ▼ 3. ★ 4. ▼ 5. ★ 6. ▼	Tuklasin A. 1. Tungkol sa nakamamatay at nakakahawang sakit. 2. Coronavirus 3. Mataas na lagnat, pag-ubo, 4. Manood at making sa at hirap sa paghinga. balita sa radyo at TV. B. 1. A 2. B 3. D 4. E 5. C
Suriin A. 1. O 2. O 3. O 4. R 5. O B. 1. a 2. c 3. b 1. a 2. c C. 1. a 2. c 3. c	Pagymananin A. 1. A 2. B 3. B 4. A 5. C B. 1. c 2. b 3. b	Isaisip A. 1. Upang hindi magkakamali sa ibibigay na reaksyon 2. isiping mabuti. B. Pahalang 1. internet 2. telebisyon 6. radyo Pababa 3. aklat 4. magasin 5. dyaryo
Isagawa A. 1. Balita sa radyo 2. Nakakalungkot isipin, dapat mag-ingat at sumunod s autos ng awtoridad para sa ikabubuti ng nakararami. B. Pagguhit	Tayahin A. 1. C 2. D 3. D 4. A 5. C B. Pagulat ng Liham ng mga bata	Karagdagang Gawain A. Paggawa ng liham ng mga bata B. Paggawa ng poster

Sanggunian

Dulay, M.,. (2017). *Mga Pahayag Sa Pagbibigay Ng Sariling Pananaw*. Hinango sa:

<https://www.scribd.com/presentation/355625373/Mga-Pahayag-Sa-Pagbibigay-Ng-Sariling-Pananaw>

Kontekstuwalisadong Banghay-Aralin Sa Filipino, Baitang 4, Kwartar I, pp.73-78

ABS-CBN News., (2020). 1 June 2020, Hinango sa: [https://news.abscbn.com/news/05/17/20/ambo-humina-bilang low-pressure-area](https://news.abscbn.com/news/05/17/20/ambo-humina-bilang-low-pressure-area)

Kontekstuwalisadong Banghay-Aralin sa Filipino, Baitang 4, Unang Kwartar, Linggo 5, Araw 4, pahina 111-114.

Division Memo (May 13, 2020), Unnumbered, “Oplan Gawa Modyul para sa mga Bata”, Lungsod ng Iriga

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph